# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA III

Yunit 3
Modyul Blg.11

Diyan Ka Magniningning!

## I. Ano ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Narinig mo nab a ang kasabihang "Hindi lahat ng kumikinang ay ginto"? Maganda at kaakit-akit ang lahat ng kumikinang. Maaaring ito ay mga hiyas o palamuti. Gayunpaman, ang halaga ng mga ito ay depende sa kanilang kinang.

Hindi tulad ng mga hiyas na ang halaga ay nakikita sa ganda at kinang, ang tao ay may angking kahalagahan na hindi mahuhusgahan sa palabas na anyo lamang. Sa pamamagitan ng talino at lakas na kaloob ng Diyos, kalakip ang kanyang mga *pagpapahalaga* , mapauunlad ng isang tao ang kanyang sarili upang makamit ang kanyang mga adhikain sa buhay. Sa ganitong pagkakataon, masasabing napaniningning niya ang kanyang bituin.

Ikaw, gusto mo bang magkaroon ng kinang?

Ang modyul na ito ay ginawa upang matukoy mo ang iba't ibang mga pagpapahalaga at *virtue* na nauugnay sa paggawa. Kakailanganin mo ang mga ito upang ikaw ay magningning. Sa gayon, maihahanda mo ang iyong sarili tungo sa iyong magandang kinabukasan.

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang matututuhan mo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

L.C 2.1 Naiisa-isa ang mga pagpapahalaga at *virtue* sa paggawa

A. Natutukoy ang mga pagpapahalaga at mga *virtue* na may kaugnayan sa paggawa
B. Nasusuri ang kahalagahan ng mga pagpapahalaga at *virtue* na ito
C. Nakababalangkas ng tiyak na hakbang upang malinang ang mga pagpapahalagang may kaugnayan sa paggawa

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga III kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng mga aralin, sundin mo ng tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang-aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang mga sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa kuwaderno ng Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sarilling pagkatao sa lahat ng mga Gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang mga gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?

A. Ngayon, kilalanin mo ang mga pagpapahalagang may kaugnayan sa paggawa na napapaloob sa mga sumusunod na pahayag.

1. Patuloy na pagsasagawa ng isang gawain kahit gaano ito kahirap
2. Sinisikap na matapos ang trabaho kahit may mga balakid
3. Kaakibat ng bawat karapatan ng mga manggagawa
4. Hindi pandaraya sa oras ng pagtatrabaho
5. Patuloy na paggawa ng isang gawain kahit nasa mataas na posisyon na ang isang tao
6. Pagpipigil o pagtitimpi sa sarili
7. Pagmamalasakit sa trabaho
8. Nakatutulong ito na mapagaan ang anumang mabigat na gawain
9. Kakayahang makagawa ng kakaiba at natatanging produkto
10. Walang sawang paggawa araw-araw

Nasagutan mo ba lahat ng bilang? Higit mo pang mauunawaan ang mga ito sa iyong pagtunghay sa susunod na gawain.

B. Basahing mabuti ang mga pangungusap at piliin ang titik ng wastong sagot.

Ang mga *jumbled letters* sa ibaba ay mga pagpapahalaga at *virtue* na may kaugnayan sa paggawa. Ayusin ang mga titik upang makabuo ng mga salita.

1. IYATGA ______________________________________

2. SISIGGA ______________________________________

3. ANAMAUGPNAT __________________________________

4. SIKAPANAG _____________________________________

5. GAPAPKUPMABBAA _______________________________

6. AATKPTAAN _____________________________________

7. GAPITITPMI _____________________________________

8. APGAMAMLAH ____________________________________

9. MAASYANIH _____________________________________

10. LIKAHAMIN _____________________________________

C. Basahin ang mga pangungusap at piliin ang titik ng wastong sagot.

1. Mababawasan ang anumang hirap ng gawain kung ang tao ay may:
   a. mataas na antas ng edukasyon.
   b. tamang saloobin.
   c. pagpapahalaga sa oras.
   d. pagtitimpi.

2. Ang katapatan ay nakatutulong upang ang tao ay:
   a. umunlad.
   b. maging produktibo.
   c. mapagkatiwalaan.
   d. maging kagalang-galang.

3. Ang taglay na pagpapahalaga ng isang tao ay nakatutulong sa anumang gawain sapagkat:
   a. nagsisilbi itong gabay sa kanyang gagawing kilos at pasya.
   b. nagpapakita ito ng kanyang pagkabukod-tangi (uniqueness).
   c. napabibilis ang pagsasagawa nito.
   d. pinagagaan nito gaano man kabigat ang gawain.

4. Unang nalilinang ang mga pagpapahalagang may kaugnayan sa paggawa sa:
   a. paaralan
   b. pamayanan
   c. pamilya
   d. simbahan

5. Nagiging katangi-tangi ang mga taong nagsasabuhay ng pagpapahalaga sapagkat:
   a. marami na sa kasalukuyan ang nagwawalang-bahala dito.
   b. mahirap na itong gawin ngayon sa dami ng tukso sa paligid.
   c. ipinakikita nila ang kaibahan ng tao sa iba pang nilalang.
   d. nagsisilbi silang mabuting halimbawa sa iba.

# III. Tuklasin Mo

## Gawain Blg. 1

May ginawa ka na bang maipagmamalaki mo? Ano ito? Gunitain ang isang bagay na ginawa mo na inalayan mo ng panahon, pag-iisip at pagod na nang matapos ay nagbigay sa iyo ng kakaibang kasiyahan. Kopyahin ang kahon sa ibaba at isulat sa iyong kuwaderno. Maaari mong idrowing ang bagay na nagawa mo.

***Ipinagmamalaki ko Ito!***



**Gawa ko Ito!**

Sagutin Mo.

1. Gunitain ang iyong naramdaman sa natapos na gawain. Isulat ang mga damdaming ito sa iyong kuwaderno.
2. Anong pagpapahalaga ang nakatulong upang maisagawa mo nang buong husay ang bagay na iyon? Ipaliwanag.

## Gawain Blg. 2

Basahin ang dalawang kaso at suriin ang mga pagpapahalagang taglay ng mga tauhan.

**Kaso Blg. 1**

Si G. Edwin Advincula, isang taxi driver, ay nakilala sa kanyang kakaibang karanasan. Tulad ng mga ordinaryong araw, siya ay kumukuha ng mga pasahero at inihahatid sa kanilang destinasyon.

Isang araw ay may naging pasahero siyang Hapones. Sa pagbaba nito sa taxi, hindi inaasahan na naiwan niya ang kanyang *portfolio*. Naglalaman ito ng maraming pera, milyon ang halaga. Hindi nagdalawang isip si G. Advincula. Isinauli niya ito sa may-ari.

Nailathala ito at kumalat ang balita sa radio at telebisyon. Binigyan siya ng pabuya, gamit at regalo upang makatulong sa kanyang pamilya.

**Kaso Blg. 2**

Isinilang sa isang mahirap na pamilya si Senador Manny Villar noong Disyembre 13, 1949 sa Moriones, Tondo, Maynila. Pangalawa siya sa siyam na magkakapatid. Pangkaraniwang kawani ng pamahalaan ang kanyang ama at *seafood dealer* naman ang kanyang ina. Sa murang gulang pa lamang ay tumutulong na siya sa kanyang ina na magtinda ng hipon at isda sa Divisoria.

Dahil sa marubdob na hangaring maiangat ang kanilang kalagayan sa buhay, ibayong sipag at tiyaga ang ginawa niya upang mapagtapos ang sarili sa pag-aaral.

Ang mga natutuhan niya sa kanyang ina ang nagbigay inspirasyon sa kanya upang maging entreprenyur. Namangha siya sa dami ng benta at kinikita ng mga Intsik sa Divisioria kaya't nasabi niya sa kanyang sarili na magiging negosyante rin siya sa hinaharap.

Sipag, tiyaga ang mga pagpapahalagang naging gabay niya sa buhay.

Habang nag-aaral siya sa Pamantasan ng Pilipinas (kung saan niya natapos ang kanyang *undergraduate* at *master's degree* sa *Business Administration and Accountancy* ) ay nangangalakal rin siya ng hipon at isda sa Navotas Fishport kung madaling araw.

Matapos ang kolehiyo ay nagtrabaho siya sa pinakamalaking *accounting firm* sa bansa, ang Sycip Gorress and Velayo (SGV). Hindi siya nagtagal dito sapagkat nagtayo siya ng kanyang sariling *seafood delivery business.* Hindi nagtagal at nag-iba siya ng negosyo. Sa panimulang puhunan na P 10,000 noong 1975, bumili si Villar ng dalawang *reconditioned trucks* at dito nagsimula ang kanyang *gravel and sand business* sa Las Piñas.

Sa pagdedeliver ng mga *construction materials* sa mga malalaking *developer*, nakuha ni Manny ang ideya ng pagbebenta ng lupa at bahay na handa ng tirhan. Ang kalakaran kasi ng mga panahong iyon ay pagbebenta lamang ng lupa at ang nakabili na nito ang magtatayo ng bahay.

Dahil sa bagong kaisipang ito, nakilala si Manny VIllar bilang pangunahin sa industriya ng pabahay. Kilala rin siya bilang *biggest homebuilder in Southeast Asia* na nakapagtayo na ng mahigit sa 100,000 bahay para sa mga mahihirap at mga *middle class* na pamilyang Pilipino.

Sagutin Mo

1. Paano mo paghahambingin ang dalawang tauhan sa mga kasong iyong binasa?
2. Anong pagpapahalaga ang taglay ng tauhan sa unang kaso? Paano nakaapekto sa buhay ni G. Advincula ang pagpapahalagang taglay niya?
3. Paano naman nakaapekto kay Sen. Manny Villar ang pagpapahalagang natutuhan niya sa kanyang ina?

## Gawain Blg. 3

ANONG MERON SIYA?

A. Magpanayam ng isang taong matagumpay at kilala mo sa iyong paaralan, baranggay o kapitbahayan. Maaari siyang pangulo o opisyal ng Student Council, ng Sangguniang Kabataan sa baranggay o miyembro ng isang organisasyon sa inyong paaralan, simbahan o pamayanan. Alamin kung anong mga pagpapahalaga ang nakatulong sa kanya sa pagsasagawa ng mga gawain.

Gabay mo ang mga tanong sa ibaba.

Pangalan ng taong kinapanayam________________________________

Katungkulan________________________________________________


Pagpapahalagang taglay______________________________________
____________________________________________________________

Paano nakatulong ang pagpapahalagang taglay?
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

Sagutin Mo

1. Bakit mahalaga ang pagsasabuhay ng mga pagpapahalaga?
2. Ano ang mahalagang bagay ang natutuhan mo sa iyong ginawang panayam? Ipaliwanag kung bakit.

B. Maglista ka ng mga pagpapahalagang may kaugnayan sa paggawa at ipaliwanag ang kahalagahan ng mga ito. Isulat ang mga ito sa kahong nakapalibot sa malaking bilog.



C. Itala mo sa talahanayan kung ano ang mga gawaing ayaw na ayaw mong gawin. Ano ang pagpapahalaga at *virtue* ang nararapat mong pairalin upang mabago ang iyong saloobin sa mga gawaing ito? Gawing gabay ang halimbawa.

| Ayaw na ayaw na gawain sa: | Mga pagpapahalagang dapat linangin upang mabago ang saloobin sa mga gawaing ito | Kabutihang idudulot ng pagsasabuhay nito |
|---|---|---|
| Tahanan<br><br>Halimbawa:<br>Maghugas ng pinggan at mga kaldero | Sipag at disiplina sa sarili | Magiging malinis ang mga gamit sa kusina at maiiwasan ang pagkakagalit ng magkakapatid o kasambahay dahil sa pag-iiwasan sa gawain. |
| Paaralan | | |
| Pamayanan | | |

Sagutin Mo

1. Alin sa mga pagpapahalagang inilista mo sa Gawain Blg. 3 ang taglay mo?
2. Ano ang nararapat mong gawin upang malinang mo ang mga pagpapahalagang hindi mo pa taglay ?

## IV. Ano ang Iyong Natuklasan?

Matapos mong sagutan ang mga gawain, natitiyak kong nakapag-isip-isip ka sa kahalagahan ng pagkakaroon ng iba't ibang pagpapahalaga at *virtue* na nauugnay sa paggawa.

Ano ang mahalagang konsepto ang naglinaw sa iyo dulot ng araling ito?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

## V. Pagpapatibay

Basahin at unawain ang mensahe ng kuwentong binasa.

Pagtataglay ng mga Pagpapahalaga

Bilang isang pangkat ng tao, mahalagang may maliwanag tayong direksyon kung saan ang nais nating patunguhan. Ito ang magsisilbing gabay natin habang nagsisikap tayong makamit ang kaunlaran.

Subalit hindi tayo susulong patungo sa kaunlaran kung hindi tayo kikilos. Mahalagang bahagi ng ating pagkilos ang mga taglay nating pagpapahalaga-pagpapahalaga na kailangan sa paggawa.
Marami ng patunay sa positibong epekto ng mga taong nagtataglay ng mga pagpapahalaga. Higit silang nagtatagal sa trabaho, napopromote at kasiya-siya ang relasyon sa kapwa at sa mga nakatataas.

Maging ang Banal na Kasulatan ay nagpapahayag din ng kahalagahan ng pagsasabuhay ng mga pagpapahalagang makapagpapaunlad sa ating pagkatao. Sinasabi sa Filipos 2: 13-14


*Ang Diyos ang nagbibigay sa inyo ng pagnanasa at kakayahang maisagawa ang Kanyang kalooban.*

*Gawin ninyo ang lahat ng bagay ng walang tutol o pagtatalo. Upang kayo'y maging ulirang anak ng Diyos, malinis at walang kapintasan sa gitna ng mga taong liko at masasama.*

Mahalagang gamitin nating gabay ang mga pananalitang ito lalo na sa panahon ngayon na ang teknolohiya ay unti-unting binubura ang mga pagpapahalagang tulad ng tiyaga, sipag at pakikisama.

Dahilan sa pagpasok ng paggamit ng mga makabagong makinarya, computer at iba pa, mabilis ang lahat ng bagay. Tila nawala na ang pagtitiyaga dahil sa kailangang may makitang resulta sa pinakamaikling oras. *Instant* na halos ang lahat ng bagay.

Ngayon. higit sa lahat nararapat linangin sa mga kabataang tulad mo ang mga tila naglalaho ng pagpapahalaga at *virtue* sa paggawa.





Tunghayan mo ang pagbabahagi ni Teresita Sy, anak ni Henry Sy, isa sa pinakamayamang Pilipino at may-ari ng SM Shoemart, tungkol sa mga prinsipyong itinuro sa kanila ng kanyang ama.

1. Sikaping maging lider o tagapanguna sa larangang iyong nais pasukan. Ang pagiging lider para sa kanya ay nangangahulugang pagiging naiiba, pagiging matapang sa pagsubok sa mga bagong hakbang at lugar na hindi pa nasusubukan ng iba.
2. Magkaroon ng integridad. Maging makatarungan at mapagkakatiwalaan. Bigyang diin ang pangako at mga pananagutan.
3. Magkaroon ng *long-term vision and strategy.* Ayon kay Teresita, laging isinasaalang-alang ng kanyang ama ang hinaharap at ang pangmatagalang ugnayang pangkabuhayan sa kanyang mga ka-negosyo.
4. Magpokus at iayos ang mga dapat gawin ayon sa kahalagahan ng mga ito (*prioritizing).* Kapag nabuo na ng isang tao ang layunin, maisusunod na niya ang pagkilala sa kanyang mga kalakasan. Pinagtuunan ng pansin ng kanyang ama ang apat na pangunahing *area- retail, shopping centers, banking* at *leisure property development.*
5. Magkaroon ng marubdob na hangaring magtagumpay. Sinabi niya na ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay nakahandlang upang makamit ng kanyang ama ang mabuting kalidad ng edukasyon. Alam ni Henry Sy na mahalaga ang pagkakaroon ng edukasyon upang malinang ang talino at kasanayan. Sa kasamaang palad ay napilitan siyang tumigil sa pag-aaral matapos ang dalawang taon sa kolehiyo. Sa kabila nito ay sinikap niyang tumuklas ng mga bagong kaalaman sa mga lugar na kanyang napupuntahan.
6. Magtrabahong mabuti. Sinasabi sa kanila ng kanyang ama na walang maaaring ipalit sa pagtatrabahong mabuti. Ang kanyang ama ay nagtatrabaho ng 14 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang lingo.
7. Maging matiyaga at masigasig. Laging ipinaaalala ng kanilang ama na walang tagumpay na nakuha sa madaling paraan. Ang lahat ay mahalagang paghirapan. Kahit sabihin pang may suwerte, kailangan pa ring maging masigasig sa paggawa upang mapanatili ang suwerteng ito. Kung sakaling mabigo, huwag masiraan ng loob, bumangon at magsimulang muli.

8. Matutong kilalanin ang mga pagkakataong dumarating. Mahalagang makilala ng tao ang bawat pagkakataong dumarating sa kanya upang agad siyang makagawa ng nararapat na hakbang at mapakinabangan ang pagkakataong ito. Kung hindi siya marunong kumilala nito, maaaring lumagpas ito sa kanya at sa iba pa mapunta.

9. Magkaroon ng maaliwalas na pananaw sa buhay. Sa kabila ng mahirap na sitwasyon, hindi dapat mawala sa tao ang pag-asa na siya'y magtatagumpay rin pagdating ng araw.

Maraming pinagdaanang pagsubok sa negosyo ang kanyang ama. Binuksan ni Henry Sy ang kanyang kauna-unahang *department store* sa panahon ng pagsisimula ng *martial law* sa Pilipinas. Sa gitna ng kaguluhang pulitikal at pangkabuhayan ng bansa noong 1983 ay binuksan pa rin ni Sy ang kanyang kauna-unahang *shopping center* sa kabila ng paalala at pagpuna ng mga kaibigan.

10. Magkaroon ng tiwala sa sarili. Kapag naniniwala ang isang tao sa kanyang sarili, makakaya niyang gawin ang anumang bagay gaano man ito kahirap.

11. Maging disiplinado. Hindi maaari ang trabahong hindi pinagbuti. Kinakailangang mag-ipon bilang paghahanda sa kinabukasan ng pamilya o ng negosyo man. Mamuhay ng simple at iwasan ang pag-aaksaya.

12. Magtatag ng samahan. Kinakailangan dito ang kahusayan sa pamamahala, produkto, serbisyo at *operations.*

13. Gawing misyon ang magbigay ng trabaho sa iba. Noong 1980's kung saan militante ang maraming samahang pangmanggagawa, naharap ang negosyo ng kanyang ama sa maraming welga.
Sa halip na magsara na lamang at lisanin ang bansa, naghanap siya ng mabuting solusyon upang malutas ang suliranin. Isinaalang-alang niya ang dami ng mga manggagawang mawawalan ng trabaho kung magsasara ang kanyang negosyo.

Sa kasalukuyan ang SM Group ay may mga *suppliers, tenants* at e*mployees* na umaabot sa 140,000 katao.

14. Magkaroon ng pananagutang panlipunan. Mahalagang tumulong sa mga nangangailangan sa pamamagitan ng edukasyon, *livelihood programs*, at mga misyong medikal sa mga mahihirap na kababayan.

## VI. Pagnilayan at Isabuhay Mo

Paano mo malilinang ang mga pagpapahalagang makatutulong sa iyo sa pagharap sa mga pang-araw- araw na gawain. Magbigay ng mga tiyak na hakbang na iyong isasagawa.

Ako, si ________________________________ay nangangakong isasabuhay ang mga sumusunod na pagpapahalaga at v*irtue* na nauugnay sa paggawa:

Gagawin ko ito sa pamamagitan ng:

1.


2.

3.

4.

5.

Mahirap man o madali, anumang gawaing iniatang sa akin ay sisikapin kong gawin nang mahusay sa tulong ng mga pagpapahalagang aking isasabuhay.



# VII. Gaano Ka Natuto?

A. Ngayon, kilalanin mo ang mga pagpapahalagang may kaugnayan sa paggawa na napapaloob sa mga sumusunod na pahayag.

1. Patuloy na pagsasagawa ng isang gawain kahit gaano katagal abutin
2. Gumagawa at sinisikap na matapos ang trabaho kahit anong hirap ito
3. Kaakibat ng bawat karapatan ng mga manggagawa
4. Hindi pandaraya sa oras ng pagtatrabaho
5. Pagkilos o patuloy na paggawa ng isang gawain kahit nasa mataas na posisyon na ang isang tao
6. Pagpipigil o pagtitimpi sa sarili
7. Pagmamalasakit sa trabaho
8. Nakatutulong ito na mapagaan ang anumang mabigat na gawain
9. Kakayahang makagawa ng kakaiba at natatanging produkto
10. Walang sawang paggawa araw-araw

B. Basahing mabuti ang mga pangungusap at piliin ang titik ng wastong sagot.

Ang mga *jumbled letters* sa ibaba ay mga pagpapahalaga at *virtues* na may kaugnayan sa paggawa. Ayusin ang mga titik upang makabuo ng mga salita.

1. IYATGA ________________________________________
2. SISIGGA ________________________________________
3. ANAMAUGPNAT ________________________________________
4. SIKAPANAG ________________________________________
5. GAPAPKUPMABBAA ________________________________________
6. AATKPTAAN ________________________________________
7. GAPITITPMI ________________________________________
8. APGAMAMLAH ________________________________________
9. MAASYANIH ________________________________________
10. LIKAHAMIN ________________________________________

C. Basahin ang mga pangungusap at piliin ang titik ng wastong sagot.

1. Anumang hirap ng gawain ay maiibsan kung ang tao'y may taglay na:
   a. mabuting gawi
   b. tamang saloobin
   c. pagpapahalaga sa oras
   d. mabuting pakikitungo sa iba

2. Ang katapatan ay nakatutulong upang ang tao ay:
   a. umunlad
   b. maging produktibo
   c. mapagkatiwalaan
   d. maging tanyag

3. Ang taglay na pagpapahalaga ng isang tao ay nakatutulong sa anumang gawain sapagkat:
   a. nagsisilbi itong gabay sa kanyang gagawing kilos at pasya.
   b. nagpapakita ito ng kanyang kakanyahan (uniqueness) sa iba.
   c. napabibilis ang pagsasagawa nito.
   d. pinagagaan nito gaano man kabigat ang gawain.

4. Unang nalilinang ang mga pagpapahalagang may kaugnayan sa paggawa sa:
   a. paaralan
   b. pamayanan
   c. pamilya
   d. simbahan

5. Nagiging katangi-tangi ang mga taong nagsasabuhay ng pagpapahalaga sapagkat:
   a. marami na sa kasalukuyan ang nagwawalang-bahala dito.
   b. mahirap na itong gawin ngayon sa dami ng tukso sa paligid.
   c. ipinakikita nila ang kaibahan ng tao sa iba pang nilalang
   d. nagsisilbi silang mabuting halimbawa sa iba.

## VIII. Mga Sanggunian


Carino, Isidro D. And Amor B. Penalosa *Reviving and Developing Desirable Values in Filipino Boys and Girls.* Quezon City: Carson Resources Management Services

Estanislao, Jesus P. *Towards a National Culture of Excellence Book -1*

http://www. Senate.gov.ph/senators/sen_bio.htm


## Susi sa Pagwawasto

### Handa Ka Na Ba?/ Gaano Ka Natuto?

A.1. Pagtitiyaga
2. Katatagan
3. Pananagutan
4. Katapatan
5. Kababaang-loob
6. Disiplina
7. Pagmamahal sa trabahao
8. Pagkamasayahin
9. Malikhain
10. Kasipagan

B.1. Tiyaga
2. Sigasig
3. Mapanagutan
4. Kasipagan
5. Mapagpakumbaba
6. Katapatan
7. Pagtitimpi
8. Pagmamahal
9. Masayahin
10. Malikhain

C 1. b
2. c
3. a
4. c
5. c